# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 75*

***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles." (Mateo 5:25-26 KJV)***

Tayo'y magpapatuloy ngayon sa susunod na halimbawa at ang pagsasagawa ng Salitang ito ni Jesus na magtuturo sa iyo na maagang makipagkasundo sa Dios at sumang ayon sa Kanya, at makipagpayapaan sa Kanya upang iwasan ang masasamang araw na darating sa iyong buhay.

***8. Ang apat na pung taon ng paghuhukom ng Dios sa mga Israelita sa paghihimagsik ng Kanyang bayan a masamang ulat na ipinadala upang tiktikan ang lupain ng Lupang Pangako: "1 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2 Magsugo ka ng mga lalake na makakapaniktik sa lupain ng Canaan, na aking ibibigay sa mga anak ni Israel: isang lalake sa bawa't isa sa mga lipi ng kanilang mga magulang ay susuguin ninyo, na bawa't isa'y prinsipe sa kanila." (Bilang 13:1-2 KJV)*** Ibinigay na ng Dios ang lupain sa Kanyang bayan, gaya ng Kanyang sinabi, ***"na aking ibibigay sa mga anak ni Israel"***. Ngunit bago nila sakupin ito iniutos ng Panginoon kay Moises na ipadala ang mga kalalakihan upang tingnan ito, upang malaman nila kung paano ito sasakupin. Kaya sa ***Bilang 13:3-16*** nagtalaga si Moises ng labindalawang lalaki at ipinadala sila; ***"17 At sinugo sila ni Moises upang tiktikan ang lupain ng Canaan, at sinabi sa kanila, Sumampa kayo rito sa dakong Timugan at umakyat kayo sa mga bundok: 18 At tingnan ninyo ang lupain, kung ano; at ang bayan na tumatahan doon, kung sila'y malakas o mahina, kung sila'y kaunti o marami; 19 At kung ano ang lupain na kanilang tinatahanan, kung mabuti o masama; at kung ano ang mga bayan na kanilang tinatahanan, kung sa mga kampamento, o sa mga nakukutaan; 20 At kung ano ang lupain, kung mataba o payat, kung mayroong kahoy o wala. At magpakatapang kayo, at magdala kayo rito ng bunga ng lupain. Ngayon ang panahon ay panahon ng mga unang hinog na ubas. 21 Sila nga'y umakyat, at kanilang tiniktikan ang lupain mula sa ilang ng Zin hanggang sa Rehob, sa pagpasok sa Emath. 22 At sila'y umakyat sa dakong Timugan, at sila'y dumating sa Hebron; at si Aimen, si Sesai at si Talmai, na mga anak ni Anac, ay nangaroon. (Ngayon ang Hebron ay natayong pitong taon bago ang Zoan sa Egipto). 23 At sila'y dumating sa libis ng Escol, at sila'y pumutol doon ng isang sangang may isang kumpol na ubas, at dinala sa isang pingga ng dalawa; sila'y nagdala rin ng mga granada, at mga igos. 24 Ang dakong yaon ay tinawag na libis ng Escol, dahil sa kumpol na kinitil ng mga anak ni Israel doon. 25 At sila'y nagbalik pagkatiktik sa lupain, sa katapusan ng apat na pung araw." (Bilang 13:17-25 KJV)*** Ang mga lalaki ay namalagi ng apat na pung araw upang siyasatinn ang lupain at dalhin ang kinakailangang impormasyon, at ipakita ang bunga na kanilang dadalhin, ngunit sila'y nagbigay ng negatibong ulat na nagpahina sa mga tao. Ipinadala sila ng Dios upang magsiyasat para malaman nila kung paanong planuhin para sakupin ito, ngunit sila'y bumalik nang may masama at negatibong mga balita salungat sa utos ng Dios, ***"26 At sila'y nagsiyaon at nagsiparoon kay Moises, at kay Aaron at sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, sa ilang ng Paran, sa Cades; at kanilang binigyang sagot sila, at ang buong kapisanan, at kanilang ipinakita sa kanila ang bunga ng lupain. 27 At kanilang isinaysay sa kaniya, at sinabi, Kami ay dumating sa lupaing yaong pinaparoonan mo sa amin, at tunay na binubukalan ng gatas at pulot; at ito ang bunga niyaon. 28 Gayon man ang bayan na tumitira sa lupaing yaon ay malakas, at ang mga bayan ay nakukutaan, at napakalalaki: at saka aming nakita ang mga anak ni Anac doon. 29 Si Amalec ay tumatahan sa lupain ng Timugan: at ang Hetheo, at ang Jebuseo, at ang Amorrheo ay tumatahan sa mga bundok: at ang Cananeo ay tumatahan sa tabi ng dagat, at sa mga pangpang ng Jordan." (Bilang 13:26-29 KJV)*** Ang lahat ng pumunta upang siyasatin ay nagbigay ng masamang ulat sa pagsasabi sa mga tao na hindi nila matatangap ang ibinigay ng Dios sa kanila dahil ang mga taong namumuhay sa lupain ay mga malaki at higanti at hindi nila matatalo ang mga ito. Ang mga kalalakihan na nagsiyasat sa lupain ay pinahina ang loob ng mga tao at hinikayat ang mga tao na huwag magpatuloy sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga negatibong bagay at pagbawas sa kapangyarihan ng Dios at ang kahalagahan ng pananampalataya sa Kanya. Kapag ikaw ay nagreklamo at nagsalita ng negatibo laban sa dako na inilagay ka ng Dios sa gayon ikaw ay nagkakasala laban sa Dios. Ngunit si Caleb at Josue ay nagbigay ng mabuting ulat at ginawa ang kanilang tungkulin upang palakasin ang loob ng mga tao at hikayatin ang mga tao na sumulong upang sakupin ang lupain; ***"30 At pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni Moises, at sinabi, Ating akyating paminsan, at ating ariin; sapagka't kaya nating lupigin. 31 Nguni't sinabi ng mga lalaking nagsiakyat na kasama niya, Hindi tayo makaaakyat laban sa bayan; sapagka't sila'y malakas kay sa atin. 32 At sila'y nagdala ng masamang balita tungkol sa lupaing kanilang tiniktikan, sa mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang lupain na aming pinaroonan upang tiktikan ay isang lupain na kinakain ang mga tumatahan doon; at lahat ng bayan na aming nakita roon, ay mga taong malalaki. 33 At doo'y aming nakita ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anac, na mula sa mga Nefilim: at kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga balang, at gayon din kami sa kanilang paningin." (Bilang 13:30-33 KJV)***

Higit pa roon nais ng mga tao na gumawa ng isang kapitan na mamumuno sa kanila upang bumalik sa Egipto, ***"1 At ang buong kapisanan ay naglakas ng kanilang tinig, at humiyaw; at ang bayan ay umiyak ng gabing***

***yaon. 2 At inupasala ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron: at sinabi sa kanila ng buong kapisanan, Nangamatay na sana tayo sa lupain ng Egipto! o kaya'y nangamatay na sana tayo sa ilang na ito! 3 At bakit kaya tayo dinala ng Panginoon sa lupaing ito, upang tayo'y mabuwal sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging mga huli: hindi ba magaling sa atin na tayo'y magbalik sa Egipto?4 A t nag-sangusapan sila, Tayo'y maglagay ng isang kapitan at tayo'y magbalik sa Egipto. 5 Nang magkagayon, si Moises at si Aaron ay nagpatirapa sa harap ng buong kapulungan na kapisanan ng mga anak ni Israel." (Bilang 14:1-5 KJV)*** Sila'y nagsimulang magreklamo at magsalita ng masama laban kay Moises at Aaron, ang mga namumuno sa simbahan, na nag utos sa kanila ng plano ng Dios, Sinasalita nila ang mga iyon upang maglagay ng kapitan para makabalik sa Egipto. Ngunit sinubukan nina Josue at Caleb na hikayatin sila na huwag maghimagsik laban sa Panginoon: ***"6 At hinapak ni Josue na anak ni Nun, at ni Caleb na anak ni Jephone, na mga kasamang tumiktik sa lupain, ang kanilang mga suot: 7 At sinalita nila sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang lupain na aming dinaanan upang tiktikan ay isang napakainam na lupain. 8 Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing yaon, at ibibigay niya sa atin; na yao'y lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 9 Huwag lamang kayong manghimagsik laban sa Panginoon, ni matakot sa bayan ng lupaing yaon, sapagka't sila'y tinapay sa atin; ang kaniyang kalinga ay inilayo sa kanila, at ang Panginoon ay sumasaatin: huwag kayong matakot sa kanila." (Bilang 14:6-9 KJV)*** Sinabi ni Josue at Caleb sa kanila na kaya nilang kunin ang lupain kung ang Panginoon ay nasisiyahan sa kanila. Kaya sa isang salita sinasabi nila sa sa mga tao na gawin ang nakalulugod sa Panginoon at Siya ang mismong tutulong sa iyo sa iyong misyon upang makuha ang lupain. Kasiyahan sa Panginoon at ibibigay Niya sa iyo ang hangarin ng iyong puso. Pinayuhan nila sila na huwag maghimagsik laban sa Panginoon at huwag gumawa ng mga bagay-bagay at kumilos nang labag sa Kanyang kalooban. Hinikayat nila ang mga tao at ipinaliwanag sa kanila na ang mga depensa ng kanilang mga kaaway ay nawala sa kanila. Sinabi nila sa kanila na sila ay magiging tinapay at pagkain sa kanila, at kaya huwag matakot sa kanila sapagkat ang Panginoon ay kasama nila. Ngunit lalong nagwala ang mga tao at nais silang batuhin. "***"10 Datapuwa't tinangka ng buong kapisanan na pagbatuhanan sila. At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa tabernakulo ng kapisanan sa lahat ng mga anak ni Israel." (Bilang 14:10 KJV)*** Nais ng Dios na gumawa sila ng isang bagay ngunit nais nilang gawin ang salungat na mga bagay, at nais nilang batuhin ang mga nagsasabi sa kanila ng kung anong tamang gawin. Na nagigting ang galit ng Dios: ***"11 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Hanggang kailan hahamakin ako ng bayang ito? at hanggang kailan hindi sila mananampalataya sa akin, sa lahat ng mga tanda na aking ginawa sa kanila? 12 Aking sasaktan sila ng salot, at hindi ko sila pamamanahan at gagawin kita na isang bansang malaki at matibay kay sa kanila." (Bilang 14:11-12 KJV)*** * Huwag galitin ang Dios sa pagsuway sa Kanyang utos and huwag makipag away sa mga nagtuturo. * Kailangan nating kumilos gaya ni Josue at Caleb, sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Dios at pagsunod sa Kanyang utos at patuloy na payuhan ang mga tao at paalalahanan sila na kailangan nilang sumunod sa Dios upang ang galit ng Dios at hindi mahulog sa kanila. * Kailangan nating ipaliwanag sa mga tao ang mabubuting bagay ng ibinibigay ng Dios sa atin at gabayan sila na sumunod sa Panginoon. Tayo bilang simbahan at mga namumuno ng simbahan ay kailangang managot sa harapan ng Dios tungo sa mga tao sa pagpapatuloy na sabihin sa kanila na kailangan nilang sumunod sa Dios, at patuloy na hikayatin sila na huwag isantabi ang mga utos ng Panginoon at patuloy na ipaalala sa kanila sa pamamagitan ng ating patuloy na mensahe tungkol sa katapatan ng Panginoon patungo sa mga sumusunod sa Kanya at iniingatan ang Kanyang utos.

Hayaan ninyong sabihin ko sa io: Saan ka man ilagay ng Dios, may mga pakikibaka na darating sa iyong buhay. Ang mga pakikibaka na iyon ay pinahihintulutan ng Dios na naroon at kailangan mong magtiwala sa Kanya at magsikap na madaig ang mga ito, o ang mga pakikibaka na ito dahil sa kasalanan sa iyong buhay na kailangan mong pagsisihan. Ang mga taong iyon ang kanilang pangunahing dahilan ay pahinain ang loob ng iba na ang kanilang walang kagustuhan na magsikap nang mabuti sa pagsunod sa Dios at sakupin ang lupain. Iniibig nila ang mabubuting bagay sa lupain ngunit hindi nila gustong manindigan kasama ng Dios, sumunod sa Dios, at lumaban ng may mabuting pakikipagbaka kasama ng Dios, at ayaw nilang magsisi sa kanilang mga kasalanan. Marami ang na umiibig na magkaroon ng mabubuting bagay ngunit hindi gustong magtrabaho nang masigasig sa kanila at ayaw ihinto na mamuhay sa kasalanan.

Si Moises sa panahong ay namagitan, sapagkat siya'y takot na takot na gagawin ng Dios kung anong sinabi Niya at lipulin ang mga tao ng Kanyang galit, kaya siya'y nagsimulang manalangin, ***"13 At sinabi ni Moises sa Panginoon, Kung gayo'y mababalitaan ng mga taga Egipto; sapagka't isinampa mo ang bayang ito ng iyong kapangyarihan sa gitna nila; 14 At kanilang sasaysayin sa mga tumatahan sa lupaing ito. Kanilang nabalitaan na ikaw Panginoon, ay nasa gitna ng bayang ito; sapagka't ikaw Panginoon, ay napakita ng mukhaan, at ang iyong ulap ay nakatindig sa ibabaw ng mga yaon, at ikaw ay nangunguna sa kanila, sa isang haliging ulap sa araw, at sa isang haliging apoy sa gabi. 15 Kung iyong papatayin nga ang bayang ito na parang isang tao, ay magsasalita nga ang mga bansang nakabalita ng iyong kabantugan na sasabihin, 16 Sapagka't hindi madadala ng Panginoon ang bayang ito sa lupain, na kaniyang isinumpa sa kanila, kaya't kaniyang pinatay sila sa ilang. 17 At ngayon, idinadalangin ko sa iyo, na itulot mo na ang kapangyarihan ng Panginoon ay maging dakila, ayon sa iyong sinalita, na sinasabi, 18 Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang; at sa anomang***

***paraan ay hindi aariing walang muang ang may sala, na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak sa ikatlo at sa ikaapat na salin ng lahi. 19 Ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo, ang kasamaan ng bayang ito ayon sa kalakhan ng iyong kaawaan, at ayon sa iyong pagkapatawad sa bayang ito, mula sa Egipto hanggang ngayon." (Bilang 14:13-19 KJV)*** Kailangan nating patuloy na manalangin at mamagitan sa Dios upang patawarin ang mga tao sa kanilang mga kasalanan at sa kanilang pagsuway Nais pa rin ng Dios sa atin na ipakita ang mabuting hangarin tungo sa mga tao sa pananalangin at pamamagitan sa kanila. Ngunit hindi ibig sabihin niyon na hindi parurusahan ng Dios ang mga nagkasala at ayaw magsisi.

Pagkatapos ng pamamagitan ni Moises sa Panginoon na huwag lipulin ang buong kapulungan, ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang paghatol: ***"20 At sinabi ng Panginoon, Aking pinatawad ayon sa iyong salita: 21 Nguni't tunay, na kung paanong ako'y buhay at kung paanong mapupuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon ang buong lupa: 22 Sapagka't ang lahat ng taong yaon na nakakita ng aking kaluwalhatian at ng aking mga tanda, na aking ginawa sa Egipto at sa ilang ay tinukso pa rin ako nitong makasangpu, at hindi dininig ang aking tinig; 23 Tunay na hindi nila makikita ang lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang, ni sinoman sa kanila na humamak sa akin ay hindi makakakita:" (Bilang 14:20-23 KJV)*** Sinabi ng Dios kay Moises na hindi nila makikita ang Lupang Pangako dahil nakita nila ang lahat ng mga tanda ng Dios sa Egipto at sa parang ngunit ayaw nilang sumunod sa mga utos ng Dios. Sinabi rin ni Jesus ang katulad patungkol sa mga Judio na nakita ang Kanyang gawa at himala ngunit hindi sila naniniwala sa Kanya at hindi sumunod sa Kanya, kundi kinamuhian Siya; na sila'y nagkasala at sila'y namatay sa kanilang mga kasalanan, ***"22 Kung hindi sana ako naparito at nagsalita sa kanila, ay hindi sila magkakaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayo'y wala na silang madadahilan sa kanilang kasalanan. 23 Ang napopoot sa akin ay napopoot din naman sa aking Ama. 24 Kung ako sana'y hindi gumawa sa gitna nila ng mga gawang hindi ginawa ng sinomang iba, ay hindi sana sila nangagkaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayon ay kanilang nangakita at kinapootan nila ako at ang aking Ama." (Juan 15:22-24 KJV) "24 Sinabi ko nga sa inyo, na kayo'y mangamamatay sa inyong mga kasalanan: sapagka't malibang kayo'y magsisampalataya na ako nga ang Cristo, ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan." (Juan 8:24 KJV)*** Kapag ikaw, na tinatawag na mga Cristiano at nakita ang gawa ng Dios at ang dakilang mga himala ng Dios at hindi naniwala at nagpahayag nang may pananampalataya ay pagsunod, sa gayon ikaw ay mamatay sa iyong mga kasalanan; ang katulad ng ginawa at pag uugali ng mga Israelita sa mga utos ng Dios na ibinigay Niya sa kanila upang sakupin ang Lupang Pangako.

***"24 Kundi ang aking lingkod na si Caleb, sapagka't siya'y nagtaglay ng ibang diwa at siya'y sumunod na lubos sa akin, ay aking dadalhin siya sa lupain na kaniyang pinaroonan; at aariin ng kaniyang lahi." (Bilang 14:24 KJV)*** Dito ay may pagpapaliban para kay Caleb. Babasahin natin ang tungkol kay Caleb: ***"30 At pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni Moises, at sinabi, Ating akyating paminsan, at ating ariin; sapagka't kaya nating lupigin." (Bilang 13:30 KJV)*** Si Caleb ay may ibang diwa at pinakalma niya ang mga tao, Siya ay mayroong pananampalataya sa Dios at Siya ay ginantimpalaan ng Panginoon sa pagbibigay sa kanya ng lupain na tinutungan niya gaya ng mababasa natin dito, ***"36 Liban si Caleb na anak ni Jephone; at siya ang makakakita; at sa kaniya ko ibibigay ang lupain na kaniyang tinuntungan, at sa kaniyang mga anak: sapagka't siya'y lubos na sumunod sa Panginoon." (Deutronomio 1:36 KJV)*** Si Caleb ay may ibang diwa dahil lubos siyang sumunod sa Panginoon. * Kailangan nating sumunod sa Panginoon ng buong puso upang makita natin ang mabubuting bagay sa kung anong ibinigay ng Dios sa atin at pabayaan ang negatibong mga bagay na nasa palibot natin. Ang mga taong katulad ni Caleb ay ang mga taong nagbabasa ng kanilang Biblia at nagninilay sa Salita ng Dios at isinasagawa ito. Sila ay hindi katulad ng mga tao na laging nakatutok ang kanilang mga mata sa facebook at sa mga balita at You tube dahil ang gayong mga bagay ay lilipol sa iyong pananampalataya sa Dios. * Iwasan ang mga balita at facebook, dahil ang gayong mga bagay ay makakapaghina sa iyo at magdadala ng pagbaba ng iyong pananampalataya. * Pupurihin tayo ng Dios at pagpapalain tayo kapag namuhay tayo sa pananampalataya at pagsunod sa tagubilin ng Dios at tayo ay pinangakuan ng gantimpala dito at ng buhay na walang hanggan. Kilala ng Dios ang mga sumusunod sa Kanya at namumuhay nang tapat at gagantimpalaan Niya sila, at ang mga suwail at namumuhay sa kasalanan at didisiplinahin Niya sila upang sila'y magsisi.

Pinatawad ng Panginoon ang kapulungan at pinawi ang paglipol sa kanila, ngunit pinatay ng Panginoon ang mga lalaking iyon na nagpalaganap ng masamang ulat, ngunit iniligtas sina Josue at Caleb. Ipinahayag din ng Panginoon na walang sinuman sa natitirang bahagi ng kapulungan ang makakapasok sa Lupang Pangako dahil sa kanilang mga pagbulung bulungan at pagngangalit laban sa Diyos, ngunit papayagan Niya ang kanilang mga anak na makapasok sa Lupang Pangako. Dahil dito ay inihayag ng Dios ang apatnapung taon na ang mga Israelita ay magpapagala gala sa ilang para sa kanilang mga katawan na mamatay at magpapagala gala sa ilang, pagkatapos ng ilang mga araw na kanilang pagsisiyasat sa lupain, maging apatnapung araw, bawat araw sa loob ng isang taon, ay magdadala sila ng kanilang mga kasamaan, upang ipaalam sa kanila at maranasan ang paglabag ng kanilang tipan sa Diyos. Basahin natin ang lahat ng iyan dito, ***"25 Ngayon nga'y ang mga Amalecita at ang mga Cananeo ay tumatahan sa libis: bukas ay magbalik kayo at kayo'y pasa ilang sa daang patungo sa Dagat na Mapula. 26 At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 27 Hanggang kailan titiisin ko ang masamang kapisanang ito, na naguupasala laban sa akin? Aking narinig ang mga pag-upasala ng mga anak ni Israel na kanilang inuupasala laban sa akin. 28 Sabihin mo sa kanila,***

***Ako'y buhay, sabi ng Panginoon, tunay na kung paano ang sinalita ninyo sa aking pakinig ay gayon ang gagawin ko sa inyo: 29 Ang inyong mga bangkay ay mangabubuwal sa ilang na ito; at yaong lahat na nangabilang sa inyo ayon sa inyong kabuoan ng bilang, mula sa dalawang pung taong gulang na patanda na nag-upasala laban sa akin, 30 Ay tunay na hindi kayo papasok sa lupaing pinagtaasan ko ng aking kamay, na patatahanan ko sana sa inyo, maliban si Caleb na anak ni Jephone, at si Josue na anak ni Nun. 31 Nguni't ang inyong mga bata, na inyong sinabing magiging mga huli ay aking papapasukin, at kanilang makikilala ang lupain na inyong itinakuwil. 32 Nguni't tungkol sa inyo, ang inyong mga bangkay ay mangabubuwal sa ilang na ito. 33 At ang inyong mga anak ay magiging gala sa ilang na apat na pung taon, at kanilang tataglayin ang inyong pakikiapid, hanggang sa ang inyong mga bangkay ay matunaw sa ilang. 34 Ayon sa bilang ng mga araw na inyong itiniktik sa lupain, sa makatuwid baga'y apat na pung araw, sa bawa't araw ay isang taon, ay inyong tataglayin ang inyong mga kasamaan, na apat na pung taon, at inyong makikilala ang pagsira ko ng kapangakuan. 35 Akong Panginoon ang nagsalita, tunay na ito'y aking gagawin sa buong masamang kapisanang ito, na nagpipisan laban sa akin: sa ilang na ito matutunaw sila, at diyan sila mamamatay. 36 At ang mga lalake, na sinugo ni Moises upang tumiktik ng lupain, na nagsipagbalik, at nagpaupasala ng buong kapisanan laban sa kaniya sa paghahatid ng masamang balita laban sa lupain, 37 Sa makatuwid baga'y ang mga taong yaon na nagsipaghatid ng masamang balita ng lupain, ay nangamatay sa salot sa harap ng Panginoon. 38 Nguni't si Josue na anak ni Nun, at si Caleb na anak ni Jephone, ay naiwang buhay sa mga taong yaon na nagsiparoong tumiktik ng lupain." (Bilang 14:25-38 KJV)*** * Makikita mo rito kung gaano kapanganib ang paglabag sa iyong tipan sa Diyos sa pamamagitan ng pagbulung-bulong at pagngangalit sa Dios at sa mga pinuno ng simbahan na inilagay ng Panginoon upang iparating sa iyo ang Kanyang turo at mga tagubilin tungkol sa Kanyang plano para sa iyo. * Nakita ninyo ang maraming himala at kababalaghan kung paanong inilabas ka ng Dios mula sa maraming problema. Samakatuwid sa halip na kayo ay magbulong bulong at magreklamo, sundin mo ang Dios at ang Kanyang mga tagubilin. Ang Salita ng Dios sa Biblia ay hindi nagbabago; kaya kailangan mong maging handa na buguhin ang iyong sarili. * Ang ilan iniiwan nila ng simbahan na nagdidisiplina sa kanila at nakikinig sa ibang pangangaral, ngunit iyon ay hindi magpapabago ng Salita ng Dios na nakasulat sa Biblia at hindi mgpapatawad ang kanilang kasalanan, at hindi sila palalayain mula sa pagsunod.

***"33 At ang inyong mga anak ay magiging gala sa ilang na apat na pung taon, at kanilang tataglayin ang inyong pakikiapid, hanggang sa ang inyong mga bangkay ay matunaw sa ilang." (Bilang 14:33 KJV)*** Kapag ikaw ay nagreklamo laban sa Dios at laban sa mga namumuno ng simbahan at sumuway sa mga tagubilin ng Salita ng Dios sa iyo, sa gayon idinudulot mo sa iyong mga anak na magpagala gala at magdusa sa ilang ng buhay para sa mahabang panahon.

***"39 At sinaysay ni Moises ang mga salitang ito sa lahat ng mga anak ni Israel: at ang bayan ay tumaghoy na mainam. 40 At sila'y bumangong maaga sa kinaumagahan, at umakyat sila sa taluktok ng bundok, na sinasabi, Narito kami, at kami ay aakyat sa dakong ipinangako ng Panginoon: sapagka't kami ay nagkasala." (Bilang 14:30-40 KJV)*** Ang mga tao matapos nilang marinig ang kahatulan ng Dios, ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan hindi dahil sila'y nagsisi kundi narinig nila na hindi sila makakapasok sa pangako ng Dios, at nais nilang pumunta at sakupin ang lupain na ipinangako ng Dios sa kanila para lampasan ang kaparusahan ng Dios. Ngunit sinabi ni Moises sa kanila, na ito'y hindi makapangyayari at hindi nila magagawa iyon dahil hindi babaguhin ng Dios ang Kanyang sinabi. Ibig sabihin kailangan nilang batahin ang mga bunga ng kanilang ginawa. ***"41 At sinabi ni Moises, Bakit sinasalangsang ninyo ngayon ang utos ng Panginoon, sa bagay ay hindi ninyo ikasusulong?42 Huwag kayong umakyat, sapagka't ang Panginoon ay wala sa gitna ninyo; upang huwag kayong masaktan sa harap ng inyong mga kaaway. 43 Sapagka't nandoon ang mga Amalecita at ang mga Cananeo sa harap ninyo, at kayo'y mangabubuwal sa tabak: sapagka't kayo'y humiwalay sa pagsunod sa Panginoon, kaya't ang Panginoon ay wala sa inyo." (Bilang 14:41-43 KJV)*** Pagkatapos ipahayag ang kaparusahan ng Dios doon na walang daan para sa iyo na iwasan ito. Kaya naman kailangan nating ingatan ang Salita ng Jesus, at kailangan nating kaagad sumunod dahil sa ilang pagkakataon wala nang babalikan matapos ng isang tiyak na hangganan: ***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan." (Mateo 5:25 KJV)***

Binalaan sila ni Moises na huwag pumunta at harapin ang mga kaaway dahil ang Dios ay hindi nila kasama. Kahit na sa gayon sila'y hindi nakinig sa utos ni Moises at umalis ngunit sila'y pinatay sa harap ng kanilang mga kaaway, ***"44 Nguni't sila'y nagpumilit umakyat sa taluktok ng bundok: gayon ma'y ang kaban ng tipan ng Panginoon, at si Moises ay hindi nagsilabas sa kampamento. 45 Nang magkagayon ang mga Amalecita ay bumaba at ang mga Cananeo na tumatahan sa bundok na yaon, ay sinaktan sila at nilupig silang hinabol, hanggang sa Horma." (Bilang 14:45 KJV)***

Maari mong itanong bakit hindi sila hinayaan ng Dios na sumunod sa Kanya ngayon?

***1. <u>Ang kanilang pagsisisi ay dapat mauna bago ang paghatol:</u>*** Kapag ang paghatol ay ipinahayag sa gayon hindi mo na mababago ito, ngunit kailangan mong tiisin ito sa pamamagitan ng pagdaan dito. Kaya naman

kailangan mong sundin ang mga tagubilin kaagad kapag pinayuhan ka at nakiusap na magsisi, dahil may hangganan at lampas sa hangganan ay walang pagbabalik. Hindi ko sinasabi dito ang tungkol sa kaligtasan ng Dios, sapagkat walang hangganan para sa kaligtasan ng Dios maliban sa kamatayan. Walang kaligtasan kung namatay kang hindi nagsisi, ngunit kapag nagsisisi ka kailangan mong tiisin ang bunga ng iyong mga kasalanan at ang bunga ng iyong naantalang pagsunod.

***2. Lumampas na sila sa hangganan, sapagkat sampung beses na nilang tinukso ang Dios:*** ***"22 Sapagka't ang lahat ng taong yaon na nakakita ng aking kaluwalhatian at ng aking mga tanda, na aking ginawa sa Egipto at sa ilang ay tinukso pa rin ako nitong makasangpu, at hindi dininig ang aking tinig;" (Bilang 14:22 KJV)*** Tinukso nila ng Dios nang sampung beses matapos nilang makita ang lahat ng Kanyang mga himala, at sa pamamagitan nito lumampas na sila sa hangganan at kaya naman ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang paghatol sa kanila at nawala sa kanila ang Lupang Pangako. Ngunit ipinahintulot Niya ang kanilang mga anak na makapasok doon. Sila ay gumagawa ng mga pagpapatutot tulad ng mababasa natin sa talata ***"33 At ang inyong mga anak ay magiging gala sa ilang na apat na pung taon, at kanilang tataglayin ang inyong pakikiapid, hanggang sa ang inyong mga bangkay ay matunaw sa ilang." (Bilang 14:33 KJV)*** Kapag lumampas ka na sa limitasyon at paulit ulit mong ginagawa ang kasalanan, sa gaon dadalhin mo ang mga bunga nito.

***3. Batid ng Dios ang kanilang puso na sila'y hindi nagsisi ngunit nais lamang nilang mawala ang pagpapala ng Dios:*** Ito ay kapareho sa ating binasa tungkol kay Esau, ang kakambal ni Jacob, na ipinagbili ang kanyang karapatan para sa pagkain (katulad ng mga ipinagbili lamang si Cristo upang makakuha ng regalo, kasiyahan sa kasalanan, ang kasiyahan sa immoralidad, ang kasiyahan sa salapi, ang kasiyahan sa paglalakbay, atbp) Pinagsikapan ni Esau ang pagpapala ng Dios nang may luha ngunit hindi Niya natanggap dahil siya ay ayon sa material na pagpapala ng Dios ngunit walang pagsisisi ang nakita sa kanya. Ang katulad gaya ng mababasa at maipapayo natin dito na huwag palampasin ang biyaya ng Dios, na huwag hayaang tumubo ang ugat ng kapaitan sa ating buhay, at huwag hayaang siraan tayo ng mga kalapatanganan, ***"15 Na pakaingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Dios; baka kayo'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami; 16 Baka magkaroon ng sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau, na sa isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kaniyang sariling pagkapanganay. 17 Sapagka't nalalaman ninyo na bagama't pagkatapos ay ninanasa niyang magmana ng pagpapala, siya'y itinakuwil; sapagka't wala na siyang nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi sa kaniyang ama, bagama't pinagsisikapan niyang mapilit na lumuluha." (Hebreo 12:15-17 KJV)***

Kung patuloy mong tutuksuhin ang Dios; patuloy na lumalabas kasama ng mga lalaki at magkasala, pagkatapos sa sampung beses at makikita mo ang iyong sarili na nagdadalangtao? Ano ang kasunod? Patuloy na nagnanakaw sa sampung beses pagkatapos ikaw ay mahuhuli ng iyong manager, ano ang kasunod? Patuloy na taluhin ang pulang ilaw para sa sampung beses pagkatapos ay nahuli ka ng pulis, ano pagkatapos? Patuloy na nahuhuli sa trabaho ng sampung beses tapos pinarusahan ka ng supervisor mo, ano ang pagkatapos? Patuloy na pabayaan ang babala, at balang-araw ay natagpuan mo ang inyong sarili na hubad tulad nina Adan at Eva, ano ang pagkatapos? .... . Ito ay isang mensahe ng babala sa iyo. Seryosohin mo ito baka ito na ang huling pagkakataon para mabigyan ka ng pagkakataong magsisi.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sa pagbabalik sa ***Mateo 5:25-26,*** panahon na para sa iyo ay magsisi upang isuko ang iyong mga kasalanan, ang iyong katipang lalaki, ang iyong immoralidad, ang iyong katamaran, ang iyong pandaraya, ang iyong pagnanaka ang iyong katigasan ng ulo, at ang iyong matigas na ulo… Kaagad magsisi bago ito ay mahuli… magsisi bago ang paghatol ng Dios… magsisi at bayaran ang lahat ng anong nararapat sa iyo…. Magsisi at gawin ang buong kalooban ng Dios upang iwasan ang mga sumpa, kaguluhan, mananakmal, karamdaman, sakuna, multa, kaparusahan, at ang poot na darating sa iyo na nagmumula sa Kanya kung hindi ka magsisisi at masigasig na sumunod sa Kanyang Salita.

*Ipagtapat ngayon ang iyong mga kasalanan at talikuran ang lahat ng iyong mga masamang gawain. Talikdan ang iyong pagmamaktol, pagbulong bulong, pagtukso sa Dios, paggawa ng iyong pansarili at hindi ng kalooban ng Dios, katamaran, pagnanakaw, immoralidad, pandaraya, katigasan ng ulo at tigas ng ulo, pagkamakasarili, pagpapahina sa iba, naantalang pagsunod, atbp*

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Ako'y nagpapasalamat Panginoon para sa iyong Salita na sinaway ako at ipinakita sa akin kung saan kita binigo.*

*Panginoon ipinahayag at tinalikdana ko ang sumusunod na mga kasalanan* ________________________

*Panginoon handa kong batahin ang mga bunga ng aking mga kasalanan at maling gawain.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mamuhay sa nilalaman ng mensaheng ito at ituro sa iba ang paraan ng pagsunod at sa kalooban ng Dios. Panginoon handa akong maging isang mabuting halimbawa para sa kanila na maari nilang ganapin at sundin. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magparami ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalalakan, kapayapaan, mahabang pagdurusa at pagtitiis, na makitang malinaw ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay upang paglingkuran ka at mabuhay sa plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon protektahan sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang sila'y patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at gamitin ang mga ito para sa iyong kaluwalhatian.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na patuloy at paglingkuran ka. Panginoon tulungan kami na amg evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa, at paging dapatin kaming magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu Santo, ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 75. Bayaran mo ang iyong mga paglabag. Mateo 5:25-26. Mga Bilang 13:1-33. Mga Bilang 14:1-45. Juan 15:22-24. Juan 8:24. Deuteronomio 1:36. Mga Hebreo 12:15-17

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com